Republic of the Philippines
**Department of Environment and Natural Resources**
**MINES AND GEOSCIENCES BUREAU**
**MIMAROPA Region**
7/F DENR Building, 1515 Roxas Boulevard, Ermita, Manila
Telefax No. (+632) 8536-0215 / (+632) 5310-1369
Email: region4b@mgb.gov.ph

ISO 9001:2015 CERTIFIED

13 Pebrero 2023

**Sa may kinauukulan:**

**8888 Ticket Reference No. 021023-877-004**

Ito ay patungkol sa inyong idinulog na petisyon sa 8888 Citizens' Complaint Hotline noong 08 Pebrero 2023 na ipinaabot sa aming tanggapan noong 13 Pebrero 2023 para sa aming nararapat na aksyon. Ang naturang reklamo ay hingil sa inyong panawagan na ideklara ang Isla ng Sibuyan bilang lugar na pinagbabawal sa anumang uri at klase ng pagmimina at sa agarang pagpapasara at pagpapatigil sa operasyon ng Altai Philippines Mining Corp. (Altai).

Nais po naming ipaalam ang mga sumusunod:

1. Mahigpit na pinapatupad ng aming tanggapan ang mga umiiral na batas, tuntunin at regulasyon patungkol sa mga lugar na sarado sa mga aplikasyon sa pagmimina; at

2. Napagpasyahan ng Altai na boluntaryong ihinto ang lahat ng aktibidades nito patungkol sa *"exploration"* at *"testing"* sa Isla ng Sibuyan. Ibinahagi rin ng Altai na patuloy itong makikipagtulungan at makikipag-ugnayan sa mga kinauukulang awtoridad upang matugunan ang mga kasalukuyang isyu.

Makakaasa po kayong ang aming tanggapan, sa pakikipagugnayan sa iba pang ahensya ng Kagawaran ng Kapaligiran at Likas na Yaman at lokal na pamahalaan ng Romblon, ay patuloy na mahigpit na susubaybayan ang lahat ng mga aktibidades ng Altai. Kasama na rito ang iba pang isyu sa pagmimina sa Isla ng Sibuyan alinsunod sa mga kaugnay na batas at mahigpit na probisyon sa pangangalaga ng kapaligiran at paggamit ng mga yamang mineral ng bansa.

Lubos na gumagalang,

By Authority of the Regional Director:

**EDWIN M. MOJARES. PhD**
Chief, Geosciences Division
OIC, Office of the Regional Director

cf:

**8888 Citizens' Complaint Hotline**
Office of the President
**Ticket Reference No. 021023-877-004**

**DENR Action Center/Hotline**
Department of Environment and Natural Resources Office
Visayas Avenue, Diliman, Quezon City

**The Regional Executive Director**
Department of Environment and Natural Resources
MIMAROPA Region

**The PENRO**
Provincial Environment and Natural Resources Office
Romblon

021323-R04B-0436 Letter 2/13/2023

MINES AND GEOSCIENCES BUREAU MIMAROPA Region